# 多言語情報コーナー　　（令和５年１２月号）

## 1. Tungkol sa Pagtatapon ng mga Basura mula sa ating Tahanan.

Ang pagtatapon ng basura sa lungsod ng Tochigi ay dapat hiwalay ang mga burnable o nabubulok sa mga recyclable materials. Mangyaring wasto sana itong gawin palagi kung ilalagay sa mga itinalagang garbage collection stations at itinakdang araw bago mag alas 8:30 ng umaga.

Ang bawa't tahanan ay pinapayagan lamang ng hanggang tatlo(3) na 45 liters na plastic ng basura isang beses lamang bawa't araw ng koleksyon. Dapat isulat ang pangalan at lugar sa plastic bag ng basurahan. Ang mga itinalagang plastic bags ng basurahan ay para sa burnables o nabubulok, basyo ng bote o lata at ang para sa pet bottles at plastic trays na nilalagyan kadalasan ng mga pagkain. Ito ay tatlong uri na mabibili sa mga supermarkets at mga drugstores ng lungsod.

Ang mga itinalagang araw para sa pagtatapon ng mga iba't ibang uri ng basura ay makikita sa kalendaryo ng iskedyul ng basura. Nakasaad rin dito kung paano gawin ang paghihiwalay ng burnable garbage sa mga recyclable na itatapon. Nakalahad rin ito sa iba't ibang wika gaya ng Ingles, Chinese, Korean, Espanyol, Portugal at Nepal sa Website ng Tochigi City.

Para sa mga katanungan kung may hindi pa alam tungkol sa pagtatapon ng basura ay tumawag sa Clean Promotion Section ng Cityhall sa numero 0282-31-2447.

Hinihiling ang kooperasyon ng lahat para mapanatiling malinis ang garbage station sa pamamagitan ng wastong paghihiwalay ng basurang itatapon.

## 2. Tungkol sa Kampanya sa Kaligtasan sa Trapiko Ngayong Pagtatapos ng Taon para sa mga Mamamayan ng Tochigi Ken.

May slogan na” Itaas ang Antas ng Kaligtasan sa Trapiko-Maging Disiplinado, Ikaw ang Pangunahing Tauhan” ang isinusulong ang Tochigi ken para sa mga mamayan nito upang ipabatid ang kaligtasan sa trapiko at makaiwas sa mga aksidente.

Kadalasan dumarami sa pagtatapos ng taon ang aksidente sa trapiko dahil sa Rush Hour at karamihan ay abala dahil maraming gustong tapusin na gawain.

Muli ay pinaaalahanan ang lahat na sumunod sa batas trapiko at maging maingat palagi.

## 3. Ang Pagtatanghal ng Pa-ilaw at Tugtugin ng 2023

Gaganapin ang “Pagtatanghal ng Pa-ilaw at Tugtugin ng 2023” sa ShinOhirashita ng Tobu Station mula East Entrance nito hanggang sa Platz Ohira. Papalamutian ang kalangitan ng gabi nga mga iluminasyon. Ito ay tradisyon sa Ohira Machi tuwing tag-lamig.

Pagkatapos ng apat na taon ay muli na naman masisilayan ang marilag na iluminasyon ng nasabing lugar kasama ang pagtatanghal ng Ohira Minami Junior HighSchool Brass Band.

Ang seremonya sa pagpapailaw ng iluminasyon ay gaganapin sa ika-28 ng Nobyembre sa ganap na alas 5:40 ng hapon. Iilawan ang mga palamuti sa alas 6:00 ng gabi sa araw na ito.

Mapapagmasdan ang iluminasyon na ito mula ika-28 ng Nobyembre hanggang ika-8 ng Enero ng 2024.

Inaanyayahan ang lahat na tamasahin ang kaaya-ayang pagtatanghal ng “Pa-ilaw at Tugtugin”.